# ANG EBOLUSYON NG WIKA

*by:*
**Josielyn Boqueo**
*Teacher I, Jose C. Payumo Jr. Memorial High School*

Mayaman ang wika at isa ito sa malawak na larangan. Ang papel na ginagampanan ng wika sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan tungo sa pagkakaunawaan at pagkakaisa, ay hindi matatawaran.

Ayon kay A. Alfonso (2008) hindi matatawaran ang kahalagahan ng wika sa pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan. Walang saysay ang sangkatauhan kung wala ang wika sapagkat walang hiraman ng kultura at/o paraan ng pamumuhay, sa paggamit ng wika, may mayamang kalakalan, may pagbabahagi ng mga tuklas at imbensyon, may palitan ng talino at kaalaman, dahil dito, isang maunlad at masiglang sangkatauhan ang nagkakasundo at nagkakaisa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa pag-aaral na isinagawa ni C. Carlwood (2009) ang wika ay may mga katangian;

Ang wika ay may masistemang balangkas- dito ang mga makabuluhang tunog o ponema ay nakalilikha ng mga yunit ng salita kapag pinagsama-sama sa isang maayos at makabuluhang tunog o ponema ang nabubuo, nababalangkas at nakakabuo ng isang buong diwa.

Ang wika ay arbitraryo- napapaloob dito ang kasanayan ng mga tao sa paggamit ng anumang wika na siyang ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at pakikipag-komunikasyon.

Ginagamit ang wika ng mga pangkat ng mga taong kabilang sa isang kultura-dahil sa kaugnayan ng wika at kultura, ang pagyaman ng wika ay kasabay ng mayabong nating

kultura. Anumang ngalan o salita sa lahat ng mga Gawain ay nakapaloob sa ating kultura.

Ayon pa kay F. Anderson (2010) kasama sa mga katangian ng wika ang pagiging buhay o dinamiko nito. Dagdag pa ni Y. Sanchez (2010), kabuhol ng wika ang kultura dahil sinasalamin nito ang paraan ng pamumuhay ng mga tao, nahihinuha ang kulturang kinabibilangan ng mga tao sa kanilang wikang ginagamit.

Sa bansang tulad ng Pilipinas, na may mahigit kumulang 180 na umiiral na wika, hindi katakatakang maging multilingguwal ang nakararaming populasyon. Filipino ang sumisimbolo sa ating pambansang pagkakakilanlan, sinasalamin ang ating kalinangan at kultura, gayundin ang ating damdamin bilang mga Pilipino.

*References:*

Alfonso, A. (2008). Mga Kahalagahan ng Wika. Elcomblus. Retrieved from: https://www.elcomblus.com/mga-kahalagahan-ng-wika/

Carlwood, C. (2009). Kalikasan(Katangian) ng Wika (V1). Retrieved from: https://www.studocu.com/ph/document/pamantasan-ng-lungsod-ng-maynila/psychology/wika-wika-komunikasyon/5663208

Anderson, F. (2010). Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

Sanchez, Y. (2010). Literacy Instruction In The Mother Tongue: The Case Of Pupils Using Mixed Vocabularies. Journal of International Education Research, 9(3), 235. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/323116511_The_Experiences_of_Mother_Tongue-Based_Multilingual_Education_Teacher

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan